# Huwag nang Maghintay. Magpabakuna na.

American Cancer Society

Mission HPV Cancer Free

cancer.org/hpv

**ALAM BA NINYO...**

Inirerekomenda ng American Cancer Society na mapabakunahan ang lahat ng bata laban sa HPV sa pagitan ng mga edad na 9 at 12 upang **makatulong sa pag-iwas sa anim na uri ng cancer.**



## Mahalaga ang Edad

Kapag pinabakunahan ninyo sa oras ang inyong anak, tumutulong kayong maprotektahan sila sa mga cancer na nauugnay sa HPV. **Pinakamahusay na gumagana ang bakuna para sa HPV kapag ibinibigay bago ang edad na 13. Ang pagbabakuna sa mga inirerekomendang edad ay makakapigil sa mas maraming cancer kaysa sa pagbabakuna sa mga mas nakakatandang edad.**

**Ang pagpapabakuna para sa HPV ay maaaring mapigilan ang mahigit 90% ng cancer kapag ibinibigay sa oras.**




**Sa Oras**
Mga Edad 9-12

2 Dosis
6-12 buwan
ang pagitan



**Nahuli**
Mga Edad 13-14

2 Dosis
6-12 buwan
ang pagitan



**Humabol at Nahuli**
Mga Edad 15-26

3 Dosis
Ika-1 dosis sa unang pagbisita
Ika-2 dosis 1-2 buwan pagkatapos
Ika-3 dosis 6 na buwan pagkatapos ng ika-1 dosis



Bahagi ng sangguniang ito ay suportado ng Centers for Disease Control NOA Award 6 NU38OT000283-05-02.

©2025, American Cancer Society, Inc. No. TAG084628 Rev. 5/25